
SOUTHLAND

Mga tuntunin para sa Panlibangang Pangingisda

May bisa mula: Setyembre 2016 na maaaring mabago nang walang pasabi.



GUSTO MO BANG ILAGAY ANG MGA TUNTUNIN SA IYONG PHONE?

Gamitin ang aming serbisyong libreng text.

I-download ang aming libreng smartphone app.

TINGNAN ANG HULING PAHINA PARA SA MGA DETALYE.

Ministry for Primary Industries
Manatū Ahu Matua

Southland Fishery Management Area

Ang Southland Fishery Management Area (FMA) ay kinabibilangan ng mga tubigan na nasa timog at kanluran mula sa Awarua Point, South Westland hanggang Slope Point, sa Catlins south-east coast ng South Island at kabilang ang Foveaux Strait, Stewart Island at lahat ng mga katabing isla at tubigan na palaot hanggang sa hanggahan ng 200 mile Exclusive Economic Zone (EEZ). Ang polyetong ito ay isang buod na gabay para sa mga pangunahing tuntunin sa panlibangang pangingisda para sa Southland FMA. Ang Fiordland Marine Area ay isang hiwalay na lugar sa loob ng Southland FMA kung saan ang mga karagdagang pagbabawal at binagong tuntunin ay nauukol. Para sa lubos na impormasyon, tingnan ang polyeto ng mga tuntunin para sa Fiordland.

Bakit Mahalaga ang mga Tuntunin para sa Panlibangang Pangingisda

Ang pangingisda ay isa sa pinaka-popular na gawaing panlabas ng New Zealand at bilang resulta, ang mga panlibangan at pangkalakal na mangingisda na may huling pang-amateur ay magkakasamang makakakuha ng malaking bilang ng finfish at shellfish taun-taon. Upang panatilihing maipagpapatuloy ang pangisdaan, ang Ministeryo ng mga Pangunahing Industriya (Ministry for Primary Industries – MPI) ay nagtatakda ng mga tuntunin sa panlibangang pangingisda. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin at responsableng pangingisda, ang mga mangingisda ay tutulong sa pagtiyak na may isda sa ngayon, bukas at sa mga darating pang henerasyon.

Ano ang saklaw ng mga tuntunin?

Kabilang sa mga tuntunin sa panlibangang pangingisda ang:

- pang-araw-araw na mga limit sa mga uri at bag na magtatakda ng dami ng isdang makukuha mo;
- ayon sa batas na mga limit sa laki na magtatakda sa pinakamaliit na laki ng isda na makukuha mo;
- mga paghihigpit sa mga kagamitan at mga pagbabawal sa pamamaraan ay nauukol para sa ilang uri;
- mga saradong panahon (closed easons) para sa ilang nanganganib na uri ng shellfish;
- mga lugar na sarado na nagbabawal sa pag-ani ng ilang uri.

Mahalagang tandaan na

- Ang mga tao lamang na pisikal na kumukuha ng finfish, rock lobster (batong ulang), o shellfish (isdang may talukap) ang may karapatan sa huli na naaayon sa pang-araw-araw na limit;
- Lahat ng isda na nahuli at nakain habang nangingisda ay dapat ibilang na bahagi ng karapatang pang-araw-araw na limit.
- Magpalipat-lipat ka ng lugar sa pangingisda upang maiwasan ang pagkaubos ng isda sa iisang lugar.
- Ang labag sa batas na huli na lampas sa iyong pang-araw-araw na limit, kulang sa laki, o labag sa batas na lagay ng isda atbp, ay dapat agad-agad ibalik sa mga tubigan kung saan sila nahuli, buhay man o patay.
- Labag sa batas ang magtinda o makipagkalakalan ng iyong panlibangang huli.
- Ang paglabag sa mga tuntunin ay nanganganib maparusahan, o pagmultahan nang malaki sa pag-uusig at makumpiska ang mga ari-arian.

Isang gabay ukol sa batas

Ang polyetong ito ay isang buod na gabay ng mga nauukol na mga tuntunin sa pangingisda, na maaaring mabago. Para sa mas lubos na mga detalye tungkol sa mga pagbabawal sa pang-amateur na pangingisda, kontakin ang opisina ng pinakamalapit ninyong Ministry for Primary Industries upang makipag-usap sa isang Fishery Officer (Opisyal sa Pangisdaan).

Paano ko matitingnan ang mga tuntunin?

Ang MPI ay nagbibigay ng maraming libreng paraan upang matingnan ang mga tuntunin. Kabilang dito ang libreng text na serbisyo, libreng app para sa Smartphone, o pagbisita sa website ng MPI **www.mpi.govt.nz** o mga opisina ng MPI. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang huling pahina ng polyetong ito.

Finfish

Mga pang-araw-araw na limit sa bag at mga pagbabawal sa laki

May isang **pinagsamang pinakamalaking pang-araw-araw na limit sa bag na 30 finfish bawat tao**, na binubuo ng anumang kombinasyon ng mga uri na nakalista sa ibaba (ang mga limit sa mga indibidwal na uri ay hindi dapat lampasan).

Tandaan na maaaring may mga lokal na pagbabawal o pagsasara ng lugar, tingnan ang seksyon ng 'Mga Lugar na Sarado at May Pagbabawal'.

Mga Uri ng Finfish	Pinakamalaking pang-araw-araw na limit ng bawat tao	Pinakamaliit na haba (cm)	Pinakamaliit na laki ng mesh para sa mga net (mm)
Barracouta	30	–	100
Blue cod (Asul na bakalaw)	20	33	100
Blue moki	15	40	114
Bluenose	5	–	160
Blue shark	1	–	100
Bronze shark	1	–	100
Butterfish/Greenbone	15	35	108
Eels (Palos)	6	–	12
Elephant fish	5	–	150
Flatfish (maliban sa Sand flounder)	30	25	100
– Sand flounder – kabilang sa limit na 30 flatfish	–	23	
Garfish (piper)	–	–	25
Grey mullet (Abong balungain)	30	–	90
Groper (Hapuku)/Bass – hindi kabilang sa limit na 30 sa bag	5	–	160
Hammerhead shark (Binkungan)	1	–	100
Herring (Banak na Dilaw ang Mata)	–	–	25
Kahawai	15	–	90
Kingfish – hindi kabilang sa limit na 30 sa bag	3	75	100
Lamprey (Lampreya)	30	–	–
Ling	30	–	100
Mako shark	1	–	100
Marblefish	30	–	100
Marlin (Malasugi)	1	–	100
Pilchard	–	–	25
Porbeagle shark	1	–	100
Quinnat salmon	2	–	–
Red Cod (Pulang Bakalaw)	10	25	100
Red gurnard	30	25	100

(Ang talaan ay nagpapatuloy sa kabilang pahina)


Mga Uri ng Finfish	Pinakamalaking pang-araw-araw na limit ng bawat tao	Pinakamaliit na haba (cm)	Pinakamaliit na laki ng mesh para sa mga net (mm)
Red moki	15	40	115
Rig	5	–	150
School shark	5	–	150
Seven gilled shark	1	–	100
Skate ray	5	–	100
Snapper (Maya-maya)	30	25	125
Spiny dogfish	15	–	100
Stargazer	30	–	100
Tarakihi	15	25	100
Thresher shark	1	–	100
Trevally (Talakitok)	30	25	100
Trumpeter	15	35	100
Warehou	15	–	100
Wrasse (Maming)	30	–	100
Lahat ng iba pa	–	–	100

Groper (Hapuku)/Bass at Kingfish

Dagdag pa sa pinagsamang pang-araw-araw na limit sa bag na 5 Groper (Hapuku)/Bass at Kingfish na hindi hihigit sa 3 ang Kingfish. Ang pinakamaliit na haba para sa Kingfish ay 75 cm.

Pagsukat ng Finfish

Sukatin mula sa dulo ng ilong hanggang sa gitnang ray o 'V' sa buntot.



Pangangalaga ng white pointer shark

Labag sa batas ang paghuli o pagkakaroon ng anumang white pointer shark, na isang protektadong uri.

Mga Pagbabawal ukol sa Finfish

Mga pagbabawal ukol sa Quinnat salmon

Kapag nangingisda ng Quinnat salmon sa mga baybaying tubigan sa labas ng hurisdiksiyon ng Fish and Game Council, ang mga mangingisda ay:

- dapat magkaroon lamang ng, o may kontrol sa, 1 pinagkabit na baliwasan (rod) at pamingwit;
- hindi dapat gumamit ng baliwasan at pamingwit na panghuli ng quinnat salmon maliban kung ang taong iyon ay nasa loob ng 15 metro ang layo mula sa baliwasan at ang baliwasan ay inoobserbahan;
- maaaring gumamit ng isa pang baliwasan at pamingwit upang humuli ng sprat o iba pang isdang pampain, basta ang anumang salmon na mahuhuli sa baliwasan at pamingwit na iyon ay agad-agad na ibabalik sa tubig.

Mga pagbabawal sa pamimingwit ng isda

Kabilang sa pamimingwit ng isda ang paggamit ng mahahabang bingwit at mga dahn (drop) na bingwit ngunit hindi kasali ang 'rod and reel' o mga hawak-kamay na bingwit. Sa mga lugar na nagpapahintulot ng pamimingwit ng isda, ang mga sumusunod na pagbabawal ay nauukol:

- walang sinuman ang maaaring gumamit, o magkaroon ng, mahigit sa isang pamingwit (maliban sa mga hawak-kamay na bingwit o 'rod and reel' na pamingwit);
- walang sinuman ang maaaring gumamit o magkaroon ng mahigit sa 25 kawil;
- kung mahigit sa isang tao ang gumagamit ng bingwit mula sa isang sasakyang-pantubig (maliban sa isang 'rod and reel' o hawak-kamay na pamingwit), hindi hihigit sa dalawang bingwit (maliban sa 'rod and reel' o hawak-kamay na pamingwit) ang maaaring gamitin o nakalagay mula o mayroon sa sasakyang-dagat na iyon;
- ang mga panlutang sa ibabaw ng tubig na nakakabit sa anumang pamingwit ay dapat markahan ng mga inisyal at apelyido ng mangingisda, nang permanente at malinaw na mababasa. Ang numero ng telepono ay makakatulong din.

Mga pagbabawal sa paggamit ng net

Mga pangkalahatang pagbabawal sa paggamit ng net

Kabilang sa pangingisda na gamit ang net; ang set, fyke, drag at lahat ng iba pang net. Sa mga lugar na nagpapahintulot ng paggamit ng net, ang mga sumusunod na pangkalahatang pagbabawal ay nauukol:

- walang sinuman ang maglalagay o magkakaroon ng mahigit sa isang drag net, set net, fyke net, o iba pang uri ng lambat sa anumang oras (di-kasali ang landing net);
- ang mga net ay dapat hilahin gamit ang mga kamay lamang;
- anumang net o mga net na ginagamit ng isang katao o sama-sama ay hindi dapat umabot nang mahigit sa sangkapat ng kaluwangan ng anumang ilog, sapa, channel, look o baiya sa anumang oras ng paglaki at pagliit ng tubig;
- walang sinuman na maglalagay o gagamit ng isang net na may pamain (maliban sa mga fyke net);
- ang mga net ay hindi dapat tulusan (maliban sa mga fyke net);
- ang pinakamaliit na laki ng mesh ng mga fyke net para sa palos o pambitag ay 12 mm;
- ang mga fyke net ay dapat may isang panlutang na nakakabit sa net na may marka ng mga inisyal at apelyido ng mangingisda, na malinaw na mababasa at permanente.

Mga Drag net (lambat na pangubkob)

Sa mga lugar na nagpapahintulot ng mga drag net, ang mga sumusunod na pagbabawal ay nauukol:

- hindi dapat humigit sa 40 metro ang haba;
- ang kabuuang haba ng warp ay hindi dapat humigit sa 200 metro;
- ang pinakamaliit na laki ng mesh para sa mga drag net ay 100 mm.

Mga pagbabawal ukol sa set net

Sa Southland Fishery Management Area ay may nakatakdang mga pagbabawal sa paggamit ng set net upang pangalagaan ang mga Hectors Dolphin. **(Tingnan ang seksiyon ng Mga Lugar na Sarado at may Pagbabawal (Closed and Restricted Areas)**

Sa mga lugar na nagpapahintulot ng paggamit ng set net, ang sumusunod na mga pagbabawal ay nauukol:

- ang set net ay hindi dapat hihigit sa 60 metro ang haba;
- hindi dapat ilagay nang 60 metro ang lapit sa isa pang net;
- bawat dulo ng isang set net ay dapat magkaroon ng nakakabit na panlutang sa ibabaw ng tubig na may markang malinaw at permanente ng mga inisyal at apelyido ng mangingisda. Ang numero ng telepono ay makakatulong din;
- isang set net lamang ang pinahihintulutang gamitin mula sa, o nasa anumang sasakyang-pantubig. (Isa pang karagdagang net ay pahihintulutan bilang panghuli ng isdang pampain kung ito ay kulang sa 10 metro ang haba at may laki ng mesh na 50 mm o mas maliit pa);
- hindi maaaring gamitin sa isang pamamaraan na magiging dahilan upang maiwanan ang mga isda ng lumiliit na tubig;
- labag sa batas ang paghuli ng anumang tubig-tabang na sports fish gamit ang isang set net (kabilang ang mga uri ng trout at salmon).

Shellfish

Mga pang-araw-araw na limit sa bag at mga pagbabawal sa laki

Ang mga shellfish ay nahuli kapag hindi na sila makabalik nang malaya sa tubig hal. nailagay na sa bag na sisidlan ng nahuli o sa mga kagaya nito. Anumang oras habang nag-aani ay hindi ka maaaring magkaroon ng mahigit sa iyong pang-araw-araw na limit.

Tandaan na maaaring may mga lokal na pagbabawal o pagsasara ng lugar, (tingnan ang mga pagsasara at pagbabawal).

Ang mga limit sa pagkuha at pagkakaroon ng shellfish sa Southland FMA ay nakalista sa talaan sa kabilang pahina.

Mga Uri ng Shellfish	Pinakamalaking pang-araw-araw na limit ng bawat tao	Pinakamaliit na laki (mm)
Cockles (Sigay)	150	wala
Kina (mga itlog-dagat)	50	wala
Mussels (Kabya)	25	wala
Mga Oyster (Talaba) – Dredge†	50	58
Paua – Ordinary – Yellow foot	1010	125 80
Pipi	150	wala
Scallops (Mga kabibi)†	50	90
Toheroa#	Ipinagbabawal	Ipinagbabawal
Tuatua	150	wala
Lahat ng iba pa (pinagsama-sama) •	50	wala

* Di-kabilang ang Stewart Island kung saan ang limit para sa mussel (tahong) ay 50.

\# Ang Toheroa ay hindi dapat kunin, angkinin o guluhin maliban kung may pahintulot ng isang Customary Authority.

† Ang limitadong probisyon ay nagpapahintulot sa isang maninisid sa isang sasakyang-pantubig na umani ng karagdagang may limit na bag ng mga oyster (talaba) at scallop (kabibi) para sa hanggang 2 tao na nagsasagawa ng kaligtasan sa pagsisid mula sa sasakyang iyon.

Tandaan: Ito ay nauukol lamang sa pagkuha ng mga oyster (talaba) at scallop (kabibi).

• Ito ang limit sa bag ng pinagsama-samang, ibat ibang uri. Ito ay nauukol sa lahat ng uri ng shellfish na hindi tiyakang pinangalanan sa itaas, at kabilang ang lahat ng alimango at alimasag, limpet, cat's eye, Cook's turban, starfish, periwinkle, whelk at tubig-tabang na ulang (koura).

Ang mga shellfish ay dapat idaong sa kalagayang masusukat.

Ang lahat ng shellfish na may nauukol na pagbabawal sa pinakamaliit na laki (kabilang ang paua, scallop at dredge oyster) ay dapat idaong nang may balat o talukap at hindi maaaring alisan ng talukap o balat patungong-dagat mula sa mean high water mark. Kabilang dito ang pag-transport sa tubig.

Ang mga dredge oyster (dragang talaba) at scallop (kabibi) ay maaaring buksan para kainin agad-agad sa sasakyang-pantubig. Ang mga scallop at dredge oyster na kinain ay bahagi ng iyong pang-araw-araw na limit. Ang mga scallop at dredge oyster na hindi kinain ay dapat idaong nang may talukap o balat.

Mga limit sa pag-iipon ng paua

Kapag ang mga pang-araw-araw na limit ay inipon, ang pinakamalaking bilang o dami ng paua na maaaring angkinin ng isang tao nang minsanan ay:

- 20 paua o;
- timbang na walang talukap o balat (inalisan ng talukap o balat) na 2.5kg ng paua;
- ang limit sa pagkakaroong ito ay nauukol saanman, kabilang ang sa tahanan.

Pagsukat ng shellfish

Paua: sukatin ang pinakamahabang bahagi ng shell sa isang linyang diretso. Huwag susukatin ang paibabaw na kurba ng shell.

Mga scallop: sukatin ang pinakamalawak na diyametro ng shell.

Mga Dredge Oyster: hindi dapat makalusot sa isang matigas na bilugang metal na may panloob na diyametrong 58 mm.





Mga Pagbabawal ukol sa Shellfish

Aparato sa paghinga sa ilalim ng tubig (Underwater Breathing Apparatus - UBA)

- Walang sinuman ang maaaring kumuha ng paua gamit ang UBA. Hindi kabilang dito ang mga snorkel.
- Labag sa batas para kaninuman ang magkaroon ng paua habang mayroong UBA. Kabilang dito ang pagkakaroon nito sa sasakyang-pantubig o sasakyan.

Mga open season (bukas na panahon)


- **Mga Scallop:** Ika-1 ng Oktubre hanggang ika-15 ng Marso, inklusibo, para sa Southland FMA.
- **Mga Dredge Oyster:** open season mula ika-1 ng Marso hanggang ika-31 ng Agosto, inklusibo.

Tandaan: Walang nalalamang mga rock o pacific oyster ang nabubuhay sa Southland FMA. Lahat ng mga oyster na makukuha sa loob ng Southland FMA ay nakasalalay sa panahon, pang-araw-araw na limit at mga pagbabawal sa pinakamaliit na laki.


Pagbabawal sa laki ng dredge oyster

Sa loob ng pangisdaang tubigan para sa dredge oyster sa Foveaux Strait, may 3 itinalagang mga lugar na sarado para sa pangkalakal na pagdraga. Para sa lahat ng 3 lugar na binanggit sa ibaba, ang amateur na pagdraga ng mga oyster ay limitado sa paggamit o pagkakaroon ng pandraga na may pambungangang 'bar' o 'bit' na hindi hihigit sa 1 metro ang haba.


- Ang hilagang-silangang baybayin ng mga tubigan ng Stewart Island na napapaligiran ng isang linyang umaabot sa pagitan ng Saddle Point, Garden Point at Mamaku Point, Stewart Island;
- Ang mga tubigan ng Outer Paterson Inlet (Te Whaka a Te Wera) na napapaligiran ng isang linya na nagsisimula sa Ackers Point, Stewart Island paibayo sa Bench Island at pagkatapos ay patungong timog hanggang sa East Cape sa Stewart Island;
- Ang mga tubigan sa hilagang-silangang baybayin ng Ruapuke Island na napapaligiran ng isang linya na nagsisimula sa North Head, Ruapuke Island na umaabot paibayo hanggang sa Seal Rocks, pagkatapos ay paibayo hanggang sa Green Island at tutungo hanggang sa Parangiaio Point sa Ruapuke Island. (Tingnan ang mga Mapa 1 at 3 na sumusunod)



Mapa 1: North-east Coast Stewart Island amateur dredge area



Mapa 2: Outer Paterson Inlet, Bench Island amateur dredge area



Mapa 3: North-east Ruapuke Island amateur dredge area

Pangangalaga ng coral

Walang sinuman ang maaaring kumuha o magkaroon ng itim o pulang coral.

Rock Lobster (Batong Ulang)

Pang-araw-araw na mga limit sa bag

Labag sa batas para sa sinuman ang kumuha o magkaroon ng mahigit sa 6 na rock lobster (para sa mga pinagsamang uri ng spiny at packhouse rock lobster) sa isang araw.

Pinakamaliit na laki


Walang sinuman ang maaaring kumuha o magkaroon ng:

- lalaking spiny rock lobster na ang lapad ng buntot ay kulang sa 54 mm;
- babaing spiny rock lobster na ang lapad ng buntot ay kulang sa 60 mm;
- packhorse rock lobster (lalaki o babae) na may haba ng buntot na mas maikli kaysa sa 216 mm.

Paano ang pagsukat ng spiny rock lobster

Sukatin ang kalaparan ng buntot sa isang linyang diretso sa pagitan ng dulo ng dalawang malalaking (pangunahing) gulugod na nasa ikalawang bahagi ng buntot.


Kung hindi mo tiyak kung ito ay babae o lalaki, gamitin mo ang 60 mm na sukat.



Paano ang pagsukat ng packhouse lobster

Sukatin ang haba ng buntot sa kahabaan ng tiyan sa isang linyang diretso mula sa hulihan ng calcified bar sa unang bahagi hanggang sa dulo ng panggitnang fan o ng buntot.

Ang buntot ay dapat may haba na 216mm man lamang (lalaki at babae).



Mga Pagbabawal ukol sa Rock Lobster

Protektadong rock lobster

Ang mga sumusunod na uri ng rock lobster ay protektado ng batas at dapat ibalik agad-agad sa tubig:

- rock lobster na wala pa sa hustong laki;
- mga babaing rock lobster na may dala-dalang itlog sa labas ng katawan (dala-dala sa pagitan ng mga pleopod sa ilalim ng buntot);
- anumang rock lobster na nasa yugto pa ng malambot na talukap (matapos maghunos kung saan ang exoskeleton ay hindi pa lubusang tumitigas);
- rock lobster na hindi maaaring sukatin (hal. dahil may sira sa buntot na humahadlang sa tumpak na pagsukat).

Mga pangkalahatang pagbabawal

Sa mga lugar na maaaring mag-ani ng rock lobster, labag sa batas ang:

- magtanggal ng mga itlog na nasa labas o ng mga bahagi ng katawan na nagdadala ng itlog mula sa rock lobster;
- magkaroon ng rock lobster patungong-dagat mula sa mean high water mark na nasa kalagayang hindi masusukat, o magdaong mula sa isang sasakyang-pantubig ng rock lobster na nasa kalagayang hindi masusukat ang buntot;
- gumamit ng sibat o kagamitan na makakabutas sa shell kapag kumukuha ng rock lobster o magkaroon ng rock lobster na nasibat;
- gumamit ng isang spring-loaded na loop o lasso, na ipinagbabawal. Mga loop o lasso na ginagamitan lamang ng kamay ang maaaring gamitin;
- gumamit o maglagay ng net na may pain para sa paghuli ng rock lobster, o magkaroon ng rock lobster na ginamitan ng net na may pain.

Paggamit ng mga pot

Sa mga lugar na nagpapahintulot sa paggamit ng mga pot, ang mga sumusunod na pangkalahatang pagbabawal ay nauukol:

- ang mga indibidwal ay maaaring gumamit, maglagay, o magkaroon, nang hanggang tatlong pot sa isang araw;
- lahat ng mga pot at panlutang sa ibabaw ng tubig ay dapat markahan ng apelyido at mga inisyal ng mangingisda nang malinaw at permanente;
- ang dalawa o higit pang indibidwal na nangingisda mula sa isang sasakyang-pantubig ay maaaring gumamit, maglagay, o magkaroon nang hanggang anim na pot sa isang araw basta mamarkahan lang nila ng kanilang pangalan ang mga pot, at bawat tao ay hindi gumagamit ng mahigit sa tatlo sa mga pot;
- ang mga pot na may mga 'bob' at 'ring' ay maaaring gamitin sa paghuli ng rock lobster ngunit lahat ng iba pang rekisitos ay nauukol, gaya ng pagmamarka at mga limit sa dami ng pot;
- ang mga pot na ginagamit sa paghuli ng rock lobster ay may mga kinakailangang tiyak na puwang para sa pagtakas – tingnan ang 'mga kinakailangang puwang para sa pagtakas na nasa ibaba';
- ang mga pot para sa mga tiyak na uri (mga pot para sa cod, pot para sa alimango atbp) ay maaaring gamitin. Sila ay di-saklaw ng mga kinakailangang puwang para sa pagtakas, ngunit lahat ng iba pang kinakailangan ay nananatili (gaya ng pagmamarka at mga limit sa dami ng pot).


Mga pot para sa rock lobster

Ang mga pot para sa rock lobster ay nangangahulugan na anumang pot, pinainan man o hindi, na kayang humuli o maglaman ng rock lobster; at kabilang ang iba pang gamit na kayang humuli, maglaman o mag-imbak ng rock lobster, maliban sa loop, bob o ring pot.


Mga kinakailangang puwang para sa pagtakas

Lahat ng pot para sa rock lobster ay dapat mayroong puwang para sa pagtakas (mga daanan). Ang mga ito ay puwang sa pot na dinisenyo upang patakasin ang mga rock lobster na wala pa sa hustong laki.

- Walang puwang para sa pagtakas ang isasama sa itaas man o sa ilalim ng anumang pot.
- Bawat puwang para sa pagtakas ay dapat may panloob na dimensiyong 54mm x 200mm man lamang.
- **Ang mga pot na bilog o korteng bahay-pukyutan:** ay dapat may 3 man lamang na puwang para sa pagtakas (maliban sa pasukan).



- **Ang mga pot na kwadrado o rektanggulo:** dapat may 2 man lamang na puwang para sa pagtakas (maliban sa pasukan) sa magkabilang panig ng pot. Bawat isa ay dapat hindi kukulangin sa 80 porsiyento ng taas o haba ng panig ng pot kung saan naroon ang mga puwang para sa pagtakas.



- **Mga Mesh pot:** anumang pot na ginawa na lubos na ginamitan ng di-binagong 'spot welded mesh' na may pinakamaliit na panloob na dimensiyong 54mm x 140mm ay hindi nangangailangan ng mga puwang para sa pagtakas. Ang mga mesh pot ay maaaring gamitin nang may mga takip o liner basta hindi nila nasasaklawan ang 80 porsiyento man lamang ng bahagi ng bawat isa sa magkabilang panig.

Mga Sarado at May Pagbabawal na mga Lugar


Ang mga Saradong Lugar ay mga lugar kung saan ipinagbabawal ang pangingisda para sa mga tiyak na uri. Ang mga lugar na may pagbabawal ay mga lugar kung saan ang paggamit ng partikular na pamamaraan ng pangingisda (hal. mga set net) ay ipinagbabawal o kung saan ang mga limit sa mahuhuli ay maaaring naiiba.

Mga lugar na ipinagbabawal ang paggamit ng set net

Ang mga set net ay hindi maaaring gamitin sa Southland FMA mula sa Slope Point, Haldane hanggang sa Sandhill Point, dakong-silangan ng Fiordland – palayo sa baybayin hanggang apat na nautical miles. Ang paggamit ng set net ay ipinagbabawal din sa kabuuan ng Te Waewae Bay sa pagitan ng Old Man Rock, dakong-kanluran ng Garden Bay at Sandhill Point. (Tingnan ang Mapa 4)

Tandaan: Ang pagbabawal ay umaabot nang lampas sa Slope Point hanggang sa South-East Fishery Management Area. Ang panlibangang paggamit ng set net ay ipinagbabawal din sa loob ng Fiordland Marine Area, dakong-kanluran ng Sandhill Point.


Maliban kung binanggit, ang pagbabawal sa paggamit ng set net ay hindi nauukol sa mga panganlungan ng mga bapor, bunganga ng ilog, ilog, look at lawa. Labag sa batas ang paghuli ng anumang sports fish (trout o salmon) na gamit ang isang set net.




Mapa 4: Ipinagbabawal ang set net sa Slope Point hanggang Sandhill Point

Te Whaka a Te Wera/Paterson Inlet Mātaitai Reserve

Ang karagdagang mga bylaws (tuntuning panloob) sa pangingisda ay nauukol sa loob ng Te Whaka a Te Wera/Paterson Inlet Mātaitai Reserve kabilang ang mga pagsasara ng lugar, pagbabawal at binawasang mga limit sa bag. Sa loob ng Paterson Inlet, ang Ulva Island/Te Wharawhara Marine Reserve ay sarado para sa lahat ng pangingisda. Kontakin ang MPI para sa mga detalye o para sa kopya ng polyeto ng Te Whaka a Te Wera/ Paterson Inlet Mātaitai Reserve.



Mapa 5: Te Whaka a Te Wera/Paterson Inlet Mātaitai Reserve



Mapa 6: Waitutu Mātaitai Reserve Prohibited Paua Take Area

Waitutu Mātaitai Reserve – Pagbabawal ukol sa Paua

Ipinagbabawal ang pagkuha ng anumang Common paua at Yellow-foot paua mula sa loob ng Waitutu Mātaitai Reserve, South Fiordland. Ang Mātaitai Reserve ay sumasaklaw sa humigit-kumulang na 2.08 sq km na may hanggahan sa pagitan ng kanlurang panig ng bunganga ng Wairaurahiri River at silangang panig ng bunganga ng Crombie Stream at umaabot patungong-dagat nang 450 metro (0.24 ng nautical mile) mula sa mean high-water mark.

Fiordland Marine Area

Ang mga tiyak na tuntunin ay nauukol para sa Fiordland Marine Area kabilang ang mga pagsasara ng lugar at binawasang mga limit sa bag. Kontakin ang MPI para sa mga detalye at kopya ng polyeto ng Fiordland Marine Area. Sa loob ng Fiordland Marine Area, may 10 marine reserve na pinamamahalaan ng Department of Conservation (Departamento ng Konserbasyon), kung saan lahat ng buhay-dagat ay lubos na pinangangalagaan at lahat ng pangingisda ay ganap na ipinagbabawal. Para sa buong detalye tungkol sa mga marine reserve, kontakin ang Department of Conservation.



Mapa 7: Fiordland Marine Area at mga Marine Reserve

Maipagpapatuloy na Pangingisda

Mabuting paghawak ng isda

Ang tamang paghawak at kagyat na pagpapakawala ng di-gusto o labag sa batas na huli ay makapagpapalaki ng tsansa ng mga isda na mabuhay upang mahuli nang ayon sa batas sa ibang araw, hal. kapag nagpapakawala ng isda gamit ang mga basang kamay o guwantes. Para sa karagdagang impormasyon, ang MPI ay may 'Gabay sa Paghawak ng Isda' (Fish Handling Guide) na makukuha online o sa aming mga opisina.

Pangangalaga sa mga ibong-dagat

Ang mga ibong-dagat ay madaling makakita ng mga pain at pira-pirasong isda sa tubig at maaari silang makawil o masalabit sa bingwit. Alamin kung paano maiiwasan ang pag-akit sa mga ibong-dagat at paano ang paghawak sa kanila nang ligtas sa **www.southernseabirds.org**

Paghadlang sa Poacher (walang pahintulot na mangingisda)

Ang MPI ay nangangailangan ng tulong ninyo sa pag-report ng anumang kahina-hinalang pangingisda o labag sa batas na gawaing poaching sa inyong lugar. Kung may makikita kayong mga tao na kumikilos nang labag sa batas, kumukuha ng mahigit sa kanilang pang-araw-araw na limit o wala sa hustong laki ng isda o nagtitinda o nangangalakal ng kanilang huli, paki-report lamang ito. Anumang impormasyong ibibigay ay mananatiling lubos na kompidensiyal.

LABAG SA BATAS ANG MAGTINDA O MAKIPAGKALAKALAN NG IYONG HULI

I-report ang poaching, kahina-hinala o labag sa batas na gawain – tumelepono sa 0800 4 POACHER (0800 476 224).

Ang mga Tuntunin ng Pangingisda sa New Zealand na Madali Ninyong Makukuha

Ang polyetong ito ay buod ng mga tuntunin para sa panlibangang pangingisda para sa Southland Fishery Management Area (FMA).

Ito ay isang gabay lamang at maaaring hindi saklaw ang lahat ng mga lokal na pagbabawal at tuntunin o anumang mga naging pagbabago makaraang malimbag ito. Upang maging nasasapanahon, tingnan ang mga tuntunin tuwing ikaw ay mangingisda.

Gamitin ang isa sa aming mga LIBRENG serbisyo:

- **I-download** ang aming libreng NZ Fishing Rules smartphone app sa pamamagitan ng pag-text ng salitang 'app' sa 9889 O sa pamamagitan ng pag-scan ng QR code. Ang app ay gumagana kahit na wala kayong coverage.
- **I-Free text** ang uri na hinuhuli mo (hal. blue cod o paua) sa 9889 at tatanggap ka ng sagot na text na magsasabi ng laki na ayon sa batas at limit ng bag.
- **Bisitahin ang www.mpi.govt.nz/fishingrules**



Kontakin ang inyong Lokal na Opisina ng MPI

Invercargill Office (03) 211 0060 137 Spey Street, Level 1, Invercargill
Dunedin Office (03) 466 3607 73 Otaki Street, Dunedin

New Zealand Government